**Para sa mga biktima ng DV o domestic violence at hiwalay ng tirahan sa asawa**
**Upang makakuha ng ¥100,000 na tulong mula sa pamahalaan,**
**siguraduhing kumpleto ang proseso na gagawin.**
**Ang deadline para dito ay sa ika-30 ng Abril! Ngunit kahit lagpas na ng Abril 30, maari pa ring ipasa ang "Report para sa Biktima ng Domestic Violence"o "DV Higai Moushide Kakuninsho."Tumawag at ipaalam agad sa inyong city hall.**





Para sa mga dayuhan na biktima ng domestic violence, kahit kayo ay magkaiba ng tirahan ng inyong asawa dulot ng kanyang pananakit o karahasan, maari pa rin kayong makatanggap ng espesyal na tulong na nagkakahalaga ng ¥100,000 kada tao. Ang proseso upang makatanggap ng tulong ay ipapaliwanag sa ibaba. Ang deadline ay sa ika-30 ng Abril.

* Maaari pa ring magpasa ng "Report para sa Biktima ng Domestic Violence"o "DV Higai Moushide Kakuninsho"kahit lagpas na sa deadline na Abril 30, kaya't agad na tumawag at makipag-ugnayan sa inyong city hall. Kung sakaling maunang magpasa ang head ng household, ikaw ay hindi na maaring makatanggap ng nasabing tulong.

◆Ano itong espesyal na tulong pinansyal?

Ang espesyal na tulong na ito ay saklolo mula sa gobyerno na madaling makuha at binibigay sa mga pamilyang nangangailangan ng tulong pinansyal.

◆Bakit kailangan kong kumpletuhin ang buong proseso?

Hindi ka makakatanggap ng tulong kung hindi mo makukumpleto ang buong proseso sa ika-30 ng Abril. Kung ikaw ay hiwalay na naninirahan sa asawa dahil sa iba't ibang kadahilan gaya ng pananakit o karahasan, mangyaring kumpletuhin ang buong proseso.

* Maaari pa ring magpasa ng "Report para sa mga Biktima ng Domestic Violence"o "DV Higai Moushide Kakuninsho"kahit lagpas na ng Abril 30, ngunit kung sakaling maunang magpasa ang head of household, hindi ka na maaring makatanggap ng nasabing tulong.

**Mga dapat gawin:**

① Tumawag sa city hall kung saan naninirahan.Kung nakatira sa Toyonaka City, tumawag sa Toyonaka City Hall, Human Rights Policy Division Telepono: **06-6858-2502**

② Magpasya kung kailan pupunta sa city hall.

③ Dumiretso sa tanggapan kung saan kinukuha ang "Report para sa Biktima ng Domestic Violence."Ang "Report para sa Biktima ng Domestic Violence"ay tinatawag na "DV Higai Moushide Kakuninsho"sa Nihongo.

④ Gawin ang"Report para sa Biktima ng Domestic Violence."

**Ang pamamahagi ng Y100,000 na espesyal na tulong ay hindi pa alam kung kailan magsisimula. Huwag mahihiyang magtanong sa staff na namamahagi nang papel na "Report para sa Biktima ng Domestic Violence." Dalhin lamang ang papel na ito sa city hall kapag nagsimula na ang aplikasyon para makatanggap ng tulong.**

Para sa mga karagdagang tanong, makipag-ugnayan lamang sa ATOMS (Association for Toyonaka Multicultural Symbiosis)
Tel: 06-6843-4343 Email:atoms1@a.zaq.jp ※Saradong araw: Miyerkules